



BAHAGI 4: Wala Nang Atrasan

PANIMULA

Tayong lahat, sa ating pananampalataya kay Hesus, ay darating sa pagkakataon at sa punto na matutukso na tumigil sa pagsunod kay Hesus. Ang mga pagkakataong ito ay magaganap sa panahon ng pagbabago o transisyon sa buhay. Ang mangyayari ay matutukso ka na tumigil sa iyong pagsunod kay Hesus dahil masyado nang mahirap at masyado nang mahal ang kapalit ng desisyon na pagsunod sa Kanya. At kapag nangyari iyon, ang dapat mong itanong sa sarili mo ay: *Kanino na ako susunod?*

TANONG TALAKAYAN

GISINGIN/PUKAWIN

1. Ibahagi ang isang karanasan kung saan nagduda ka sa pangako ng isang tao na malapit sa iyo. Anong naramdaman mo noong panahong iyon? Anong ginawa mong desisyon matapos maramdaman iyon?
2. May natanggap ka na bang pangako mula sa Panginoon na pinagdududahan mo kung mangyayari ba o hindi? Anong nangyari upang magduda ka?

MAKIAYON

3. Basahin ang Juan 6:44-66. Anong pangyayari ang dahilan kung bakit naging mahirap sa mga disipulo ni Hesus na maintindihan ang kanyang sinasabi?
4. Noong nagsimula kang sumunod kay Hesus, ano ang pinakamahirap na naging desisyon mo upang maipagpatuloy ang pagsunod sa Kanya? Bakit mo ginawa ang desisyong iyon? Anong mga bagay ang pinag-isipan mo na maaaring mong gawin maliban sa desisyong ginawa mo noong panahon na iyon ng transisyon o pagbabago sa buhay mo?

GAWIN

5. Anong mga hakbang ang gagawin mo upang mapanatili ang pagsunod mo kay Hesus? Paano makakatulong ang grupong ito para magawa mo ang mga hakbang na iyon?

PAGSULONG

Ang mga transisyon o pagbabago sa buhay, tukso at sakuna ay nagiging susi upang magkaroon ka ng mga tanong. At ang iba't – ibang maari mong gawin ayon sa kasagutan sa mga tanong na iyon ay makakatulong upang magkaroon ka ng malalaim na pang-unawa. Pag-isipan mong maigi ang lahat ng mga iyon at tingnan kung mayroon na mas may saysay para igugol mo doon ang iyong buhay. Kung titigil ka na sa pagsunod kay Hesus ngayon, kanino ka na susunod? Kung hindi pagiging Kristiyano, ano na?

PAGPAPANIBAGONG ISIP

“At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Banal ng Dios.”

Juan 6:69